

# NIZ Balitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National Impact Zone

ISSN 2345-8194

Science City of Muñoz, Nueva Ecija

Tomo 4 Blg. 4 • Hulyo-Agosto 2016

## Taunang 'Gatas ng Kalabaw Festival' idinaos sa San Jose City; pagiging 'PH Dairy Carabao Capital' ng lalawigan isinusulong

Ni Ma. Cecilia Irang


Sa ikalawang pagkakataon mula nang ito'y ilunsad sa Nueva Ecija, nagsilbing punong-abala ang pamahalaang lunsod ng San Jose sa pagdaraos ng "Gatas ng Kalabaw Festival" nitong nakaraang Agosto 10.

Naging tampok ang nasabing pista sa pagdiriwang ng ika-47 anibersaryo ng pagkakatatag ng San Jose bilang isang lunsod.

Umakma sa tema ng pagdiriwang ng anibersaryo ng lunsod ang nasabing "festival". "Sa Bagong Lungsod ng San Jose, ang Lahat ng Mamamayan ay May 'K' - Kalinga, Kalikasan, Kabuhayan, Kalusugan, Kaligtasan, at Kaalaman" ang temang napagpasiyahan palutangin kaugnay ng paggunita sa kaarawan ng lunsod.

Nasa kanyang ika-sampung taon naman na ang pagdaraos ng "Gatas ng Kalabaw Festival" sa Nueva Ecija.

Ang taunang "festival", na pinasimunuang ilunsad noon ng  
(Sundan sa p.3)



Masiglang nakilahok ang mga batang nasa larawan sa seremonyang tinatawag na "Tagay-Pugay" o sabay-sabay na pag-inom ng gatas ng kalabaw bilang pakikiisa sa ika-10 taong "Gatas ng Kalabaw Festival" sa San Jose City nitong Agosto 10. (Kuha ni RBumanlag)

## PCC, mga kabalikat na grupo, inilunsad ang 120-araw na milk feeding sa isang eskuwelahan sa Science City of Muñoz

Ni Ma. Theresa Sawit

(Salin sa Filipino ni Khrizie Evert Padre)

Sabi nga, ang kabataan ay pag-asa ng bayan. Kaya nga, kaugnay ng kawikaang ito, masasabing isang matalinong hakbang ang pagbibigay ng kaukulang nutrisyon sa sumisibol na kabataan alang-alang sa kanilang magandang kinabukasan.

Bilang pakikiisa sa hakbang na ito, inilunsad ng PCC, kabalikat ng mga lokal na ahensiya at mga samahan, ang isang "milk supplementation program" na tatagal ng 120 araw. Inilunsad noong nakaraang Hulyo 29, ang mga kaagapay sa programa ay ang lokal na pamahalaan ng Science

City of Muñoz, Barangay Licaong Health Office, Licaong Elementary School (LES) Majestic Christ Church (MCC), at ang Licaong Parents-Teachers Associations (PTA).

Ang paglulunsad ng programang ito ay ugnay sa selebrasyon ng *National Nutrition Month* na itinaguyod ng Licaong Elementary School.

Sa idinaos na palatuntunan sa paglulunsad ng programa, binigyan-diin ni Dr. Felomino Mamuad, PCC deputy executive director, sa kanyang mensahe ang

(Sundan sa p.3)

## Dairy cooperative ng Catalanacan, nagbukas ng outlet sa Cabanatuan City

Ni Chrissalyn Marcelo

Upang lalo pang makilala ang tindahan at lalo pang umunlad ang pagnenegosyo nito, nagbukas kamakailan ang Catalanacan Multi-Purpose Cooperative (CAMPC) ng outlet ng itinitinda nitong mga produkto sa Brgy. Valdefuente, Cabanatuan City sa Nueva Ecija.

Ang CAMPC, nasa Barangay Catalanacan sa Science City of Muñoz, ay isa sa mga kooperatibang ginagabayan ng PCC sa mga gawaing ugnay sa pag-aalaga ng mga gatasang kalabaw at pagnenegosyong nakasalig dito.

Naipamalas ng CAMPC ang kahusayan nito nang tanggapin nito ang hamon ng PCC nang nakaraang taon, na inigosyo

ang mga produkto nito sa "Dairybox Delicatessen", isang one-stop-shop na nasa bakuran ng nasabing ahensiya. Layunin ng tindahang ito na mailapit ng mga magsasakang-maggagatas ang kanilang de-kalidad na produkto sa merkado alinsunod sa itinakdang kasunduan.

Ang "Dairybox Delicatessen" ay matatagpuan sa kahabaan ng Maharlika Highway katabi ng Milka Krem Dairy Plant and Outlet ng PCC. Ang tanggapan naman ng CAMPC ay nasa limang kilometro ang layo mula sa bakuran ng ahensiya.

"Pinagpasyahan naming magbukas ng outlet sa

(Sundan sa p.2)



## Pangunang-lunas sa mga sakit ng kalabaw, itinuro sa mga magsasaka

Ni Paul John Villamor



Ang ilan sa mga magsasakang kalahok sa isinagawang “Animal Health Care and Management Training” nitong Agosto 3-5 habang nagpupurga ng kalabaw. (Kuha ni PJVillamor)

**Tinuruan ng pagbibigay ng mga pangunang-lunas sa mga sakit ng kalabaw ang piling mga magsasaka sa isinagawang “Animal Health Care and Management Training” noong Agosto 3-5 ng PCC.**

Itinampok sa isinagawang *training* ang iba’t ibang panayam at kaukulang pagsasanay ukol sa pagbibigay ng pangunang-lunas sa mga sakit ng kalabaw gaya ng *liverfluke*, *surra*, *prolapse*, *bloat*, *mastitis*, *calf scour*, *dystocia*, *foreign body syndrome*, at degnala.

Pangunahing mga sakit ng kalabaw ngayon ang *liverfluke* o linta sa atay at apdo na maaaring makuha ng kalabaw sa mga kontaminado at matutubig na pastulan. Samantala, ang *surra* naman ay sanhi ng parasitong *Trypanosoma evansi* na nagdudulot ng panghihina, pagbaba ng timbang, at *anemia* sa alagang hayop.

Itinuro rin ng mga beterinaryo ng PCC ang tamang pagpupurga, pagbibigay ng bitamina, at pagkuha ng dugo para malaman kung may komplikasyon na ang sakit ng kalabaw.

“Sa mga alanganing oras na biglang may inindang sakit ang kalabaw ay agad na maisasagawa ng mga may-ari o tagapangalaga ng hayop ang pagbibigay ng kaukulang pangunang-lunas para huwag nang lumala pa ang sakit,” ani PCC *Science Research Specialist II* Estella Valiente bilang paliwanag kung bakit isinagawa ang pagsasanay.

Si Valiente ang siyang nag-organisa at namuno sa naturang aktibidad.

Para sa aktuwal na pagsasagawa ng natutunan sa wastong pagpupurga at pagkuha ng dugo sa alagang hayop, nagtungo ang

mga lumahok sa *training* sa mga bayan ng Aliaga, Gen. Natividad, at Lupao. Sila’y sinamahan at ginabayan nina G. Mario Delizo, G. Genaro Candelaria, at Dr. Cecilio Castañeda na mga eksperto mula sa National Impact Zone (NIZ) ng PCC.

“Taun-taon ay isinasagawa ito ng NIZ para magkaroon nga ng ganap na kaalaman sa mga dapat na isagawa sa pagbibigay ng pangunang lunas sa mga sakit na dumarapo sa mga alagang kalabaw ng mga magsasakang-maggagatas,” ani Valiente.

“Mahalaga ang gawaing ito sa pangangalaga ng hayop dahil hindi naman agad na makarating ang beterinaryo para matingnan ang hayop,” dagdag niya.

Pinagkalooban ng *veterinary kit* ang 16 na lumahok sa tatlong araw na pagsasanay. Ang *kit* ay naglalaman ng mga kagamitang pakikinabangan ng mga magsasakang-maggagatas ng paglalapat ng pangunang-lunas sa nagkakasakit na mga hayop.

Ang mga lumahok sa *training* ay mula sa Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative (MPC), Simula ng Panibagong Bukas MPC, Bungo, Gapan City, at PhilRice.

Bukod kina Delizo, Candelaria, at Castañeda ay nagbahagi rin ng kaalaman sa pangangalaga ng kalusugan ng kalabaw sina Dr. Cyril Baltazar, *Farm Superintendent II*; Dr. Lawrence Belontidos, *Veterinarian I*; Ms. Charito Gutierrez, *Laboratory Technician II*; Dr. Randolph Tolentino, *Farm Superintendent II*; at Dr. Lester Verona, *Agriculturist II*.

## Dairy Cooperative... (mula sa p.1)



Cabanatuan City para mas lalo pang maipakilala at maibigan ng mamimile ang aming mga produkto partikular na sa mga Novo Ecijano,” ani Leoncio Callo, *chairman* ng CAMPC.

Idinagdag pa niyang isa rin itong paraan para umangat lalo ang kita ng kanilang kooperatiba.

Sa pagpapasinayang isinagawa sa pagbubukas ng *outlet* na ito ng CAMPC sa Cabanatuan City, nagbigay ng kani-kanilang pahayag ang mga pinuno ng mga ahensiya at ng mga samahang nagsidalala sa okasyon.

Sa panig ni PCC *Acting Executive Director* Dr. Arnel Del Barrio, pinasalamatan niya ang CAMPC sa pagpupursige nitong lumawak pa ang negosyo. Kinikilala niya, aniya, ang ginagawa ng CAMPC na isang tunay na modelo sa pagbebenta ng mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw na mula sa hanay ng mga magsasakang-maggagatas.

Ganito naman ang ibinigay na mensahe ni Department of Trade and Industry Provincial Director Brigida Pili:

“Dapat lagi ninyong isa-isip na kung gaano karami ‘yong ipinasok ninyong pera sa ‘Dairybox’ ay dapat maging doble ‘yon, mapaikot itong lalo at magawa nitong *sustainable* ang negosyo.”

Kanyang idinagdag na nakahanda ang DTI na magkaloob sa lahat ng tulong na maaaring maibigay nila sa CAMPC basta rin lamang ito’y sakop ng mandato ng ahensiya.

Ayon naman kay Department of Agrarian Reform PARO I Jocelyn Ramones, “Maaasahan po ninyo na mula sa umpisa hanggang sa huli ay tutulong ang DAR sa kahit anong bagay na hingin ninyo sa amin. Sabihin niyo lang, pangalanan niyo lang at ibibigay namin ‘yan.”

Tulong sa pananaliksik naman sa kung paano mapahahaba ang

*shelf-life* ng gatas ang ipinarating ni Dr. Tereso Abella, presidente ng CLSU sa kanyang mensahe. Aniya pa, bilang unibersidad na matagal ng kabalikat ng PCC, patuloy ding nagsisikap ang CLSU na makalikha ng iba’t ibang mga produkto at umaasang sa hinaharap ay mapagsama-sama ang mga produktong mula sa kabute, tilapia at *mozzarella cheese* at makalikha ng isang kagigiliwang pagkaing tulad ng *pizza*.

Si Dr. Reynato Arimbuyutan, *chapter president* ng *Chamber of Commerce and Industry* at ng *SMED council* sa Nueva Ecija, ay nagsabing kritikal na suliranin nga ang pagpapahaba ng *shelf-life* ng gatas at nararapat na sikaping maibenta ito araw-araw.

“Dapat din tayong magsagawa ng kaukulang pagkilos para lalong magbunga ang ating ginagawa sa negosyong ito. Sabi nga, hindi sapat ang pagdarasal para makamit natin ang ating gustong mangyari. Kaakibat nito ang pagkilos natin para matamo ang ating mga mithiin,” dagdag ni Arimbuyutan.

Ang mga itinatanghal at ibinebentang mga produkto ng CAMPC sa bago nitong *outlet* na ang taglay na pangalan ay “Dairybox-Cabanatuan City Branch”, ay *Espasol La Blanca* o *espasol de leche*, bibingkang kanin, bibingkang gatas, *sweet macapuno*, *macaroons*, *fresh milk* at *choco milk*. Ang mga produktong ito ay may tatak o “brand name” na “Milkcreations” na ipinoproseso mismo ng CAMPC sa planta nito sa Catalanacan.

Bukod sa mga produktong ito, ibinebenta na rin sa nasabing *outlet* ang iba pang mga produkto na gaya ng Chicharabao mula sa Region 2, Eriel’s Silvanas, *leche flan*, *dulce de leche*, *processed honey*, *chili garlic*, *turmeric*, *yogurt*, *mozzarella cheese*, at kesong puti na mula naman sa ilang mga lokal na negosyante, kooperatiba at Milka Krem *dairy outlet* ng PCC sa Nueva Ecija.



## PCC, mga kabalikat...

(mula sa p.1)

kahalagahan ng pagkakaroon ng sama-samang pagkilos at maayos na pagsasamahan sa pagtugon sa suliranin ng malnutrisyon at sa patuloy na pag-alalay sa kabuhayan ng mga magsasakang Pilipino. Kanyang pinapurihan at pinasalamatan ang iba't-ibang sektor ng industriya sa paggagatasan na nagpakita ng suporta sa pagsasagawa ng ganitong uri ng programa.

Bago inilunsad ang programa ay nagsagawa ng “deworming” sa natukoy na paaralan ang City Health Office at ang Barangay Health Office ng Licaong. Kaalinsabay nito, nangako ang nasabing mga tanggapan ng patuloy na pagbibigay ng edukasyon ukol sa nutrisyon at pagsubaybay sa *anthropometric measurement* (taas at timbang) ng mga mag-aaral sa nasabing paaralan.

Sa kabilang dako, ang PCC ay



Ang ilan sa mga batang mag-aaral mula sa Licaong Elementary School kasama ang ilang kawani ng PCC at iba pang kabalikat na grupo ng ahensiya habang isinasagawa ang seremonya ng ‘tagay-pugay’. Parte ng aktibidad na ito ang isinagawang paglulunsad ng nasabing mga grupo sa programa na milk feeding na tatagal ng 120-araw sa Muñoz. (Kuha ni MTSawit)

nagsagawa ng “Milk Pasteurization Training” para sa mga opisyaes at miyembro ng PTA sa nasabing paaralan upang linangin ang kanilang kaalaman sa tamang pagpoproseso at kaukulang pagmamantine ng kalinisan ng gatas.

Nangako ang PTA na tutulong sa pagkuha at pagproseso ng gatas mula sa PCC samantalang isasabalikat

naman ng Majestic Christ Church ang pangunguna sa mga gawain na makatutulong upang pangalagaan ang magandang asal at katangian ng mga mag-aaral.

Ang programa, na magtatapos sa Enero 2017, ay magsisilbing inisyal na pag-aaral upang maidokumento ang epekto ng gatas sa nutrisyon ng mga bata at sa kanilang pag-aaral.

Ang programa ay paghahanda na rin sa inaasahang malawakang implementasyon ng gobyerno ng *milk feeding program* sa buong bansa.

Bilang kaukulang simbolo, nagkaroon sa idinaos na palatuntunan ng “tagay-pugay” na kung saan ang ginamit na inumin ay gatas ng kalabaw.

## Taunang ‘Gatas ng Kalabaw..’ (mula sa p.1)

Department of Trade and Industry (DTI), ay naglalayong itaguyod ang gatas ng kalabaw hindi lamang para sa ikauunlad ng ekonomiya kundi maging sa ikahuhusay ng kalusugan at nutrisyon ng mga magsasakang-maggagatas, kabilang na ang kani-kanilang pamilya, at ng sambayanan.

Kaugnay sa pagdaraos ng “festival” ay patuloy namang isinusulong ang matayog at makatotohanang hangaring kilalanin at opisyal na maideklara ang Nueva Ecija bilang “Dairy Carabao Capital of the Philippines”.

Lumahok sa pagdiriwang ng “festival” sa San Jose City ang mga opisyaes mula sa mga ahensiya ng gobyerno, mga lokal na pamahalaan, mga guro mula sa pribado at pampublikong paaralan, at *dairy cooperatives* mula sa bayan ng Guimba, Lupao, Aliaga, Llanera, San Jose City, Science City of Muñoz at Talavera. Nangakabihis ng kasuotang pang-*cowboy* at *cowgirl*, sila ay buong siglang lumahok sa isang *parade* na siyang naging pasimula ng pagdiriwang.

Ayon sa mga nag-organisa ng *festival*, humigit-kumulang sa 2,000 katao ang dumalo sa selebrasyon. Itinuring na pinakamarami ngayon ang lumahok sa nasabing pagdiriwang kumpara sa mga nakalipas na mga taon.

Sa kanyang pambungad na

pananalita sa palatuntunang idinaos sa *gymnasium* ng lunsod: sinabi naman ng bagong upong alkalde ng lunsod na si Mario “Kokoy” Salvador:

“Ang pagdiriwang ng anibersaryo ng ating lunsod ngayong taong ito ay nagpapakita ng mga paparating na aktibidad at programa para sa San Jose City na may kinalaman sa kalinga, kalikasan, kabuhayan, kalusugan, kaligtasan, at kaalaman ng mga mamamayan.”

Naging tampok sa magkatuwang na pagdiriwang ang masiglang “tagay pugay”, isang aktibidad ng sabay-sabay na pagtagay at pag-inom ng gatas ng kalabaw ng mga lumahok sa programa na kinabibilangan na rin ng mga batang mag-aaral at mga kinatawan mula sa *partner private institutions* at mga ahensiya ng gobyerno.

Itinuturing na simbolismo ng patuloy na pagbibigay-halaga at mga pagsisikap ng maraming sektor sa pagtataguyod at pagpapaunlad ng lokal na industriya ng paggagatasan sa Nueva Ecija.

Ang Nueva Ecija ang nagsisilbing National Impact Zone (NIZ) ng Carabao Development Program (CDP). Ipinahahayag ng gampaning papel na ito na ang lalawigang ito ay siyang itinatampok bilang modelo sa mga isinusulong na mga kabuhayang salig sa kalabaw.

Naging bahagi pa rin ng nasabing selebrasyon ang seremonya sa pag-aatado ng kesong puti na may sukat na “115 x 183 x 3.5 sentimetro” na siya namang ipinalaman sa mga pan de sal na ipinakain sa mga dumalo sa programa.

Ang iba pang mga aktibidad na naganap ay kinabibilangan ng *ecumenical service*, *trade fair*, *jobs fair*, paglulunsad ng mga produkto ng Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative (EPMPC), panunumpa ng 2016 “Little City Officials”, paglulunsad ng “Search for Makakalikasang Barangay”, pagkakaloob ng plake ng pagkilala sa mga *partner-institutions*, at “Search for Best cowboy and cowgirl attire”.

Kinilala ang PCC bilang isa sa mga *development partners* ng bayan habang nahirang naman sa kaniyang “Best cowboy attire” si EPMPC *chairman* Melchor Correa na nakatanggap ng premyong Php5,000.

Hinikayat naman ni Dr. Felomino Mamuad, Deputy Executive Director ng PCC, ang mga kalahok sa pagdiriwang na tulungang paunlarin ang industriya ng paggagatasan sa bansa sa pamamagitan ng pagtangkilik sa mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw.

Ipinahayag naman ni DTI Provincial Director Brigida Pili ang posibilidad na maideklara na nga ang probinsiya bilang “Dairy Carabao Capital of the Philippines”.

“Ang industriya ng paggagatasan ay mainam na daluyan ng kita para sa mga magsasaka. Nakatutulong ito na maresolba ang kahirapan dito sa ating bansa. Gayunpaman, para mapaunlad nating lalo ang *small and medium enterprises* na tulad ng paggagatasan, kailangan nating magkaroon at patuloy na makaugalian ang ‘Seven Ms’ – *right mindset, mastery, mentoring, market-access, money, machines, at models of business*,” pagbibigay-diin ni Direktor Pili.

Inanunsiyo rin niya na nanalo ang EPMPC ng “Best Shared Service Facility” *award (Provincial Level)* sa ilalim ng DTI.

“Bakit natin nakamit ang ganitong gantimpala? Ito ay dahil sa ating pagtutulongan at koordinasyon sa lahat ng sangay ng pambansang ahensiya, *local government units* at iba pang ahensiya ng gobyerno,” wika niya.

Ang taunang “Gatas ng Kalabaw Festival” ay idinaraos sa pamamatuog ng isang *technical working group* na kinabibilangan ng DTI, PCC, Department of Agrarian Reform (DAR), Department of Agriculture (DA), *provincial agricultural office*, at mga *local government units* ng lalawigan.

Tinanggap naman ng bayan ng Rizal ang panukala na siyang maging punong-abala sa pagdiriwang ng “11<sup>th</sup> Gatas ng Kalabaw Festival” sa susunod na taon.



Anang isang asensadong magsasaka:

## 'Sa pag-asenso sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw, matapat, mataos na pagtatrabaho ang kailangan'

Ni Jomel Somera

Pinagdududahan noon si Florencio Madulid ng San Jose City kung totoong nakakakuha nga siya ng halos walong litro ng gatas kada araw sa isang gatasang kalabaw.

Ang sabi ng mga nagdududa ay hinaharuan niya ng tubig ang ani niyang gatas kaya marami.

Imbes na intindihin ang pagdududa ng mga tao, ipinagpatuloy lamang ni Ka Florencio ang kanyang nakagawian. Sa kaibuturan ng puso niya, alam niyang walang pandaraya sa kanyang ginagawa.

Alam niya, basta rin lamang wasto ang pag-aalaga sa mga ito, makapagbibigay ang mga gatasang kalabaw niya ng maraming aning gatas. Sa kanyang napag-alaman sa mga pagsasanay na kanyang nilahukan, ang mga gatasang kalabaw sa *Brazil, India*, at *Italy* na kapareho ng lahi ng mga kalabaw na inaalagaan niya, ay kayang magprodyus ng 14-18 litro ng gatas kada araw baw't kalabaw.

Dahil na rin sa mahusay na pamamahala niya sa kanyang mga gatasang kalabaw, at sa mahusay na kalidad ng marami niyang naaning gatas, hindi na matatawaran ang natamong pag-unlad sa buhay ni Ka Florencio.

### Ang simula

Lumapit sa PCC sina Ka Florencio at mga kapwa niyang miyembro ng Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative (EPMPC), isang samahan ng mga magsasaka sa San Jose City nang taong 2000, upang ihain ang kanilang kahilingan na mabiyayaan ng mga kalabaw sa ilalim ng programang kabuhayang salig sa gatasang kalabaw ng nasabing ahensiya.

Hindi nabigo ang grupo sa kahilingan nito. Isa si Ka Florencio sa mga napagkalooban ng PCC ng alagaing kalabaw. Di-nagtagal, nadagdagan pa ang kanyang alaga hanggang sa umabot ito ng apat.

Sa pamamagitan ng mga naani niyang gatas, na naibebenta niya noon sa halagang Php40-Php45 kada litro, natugunan ang kinakailangan niyang panustos sa gastusin ng mga anak na



Si Florencio Madulid (pangalawa mula sa kanan) kasama ang iba pang miyembro ng Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative na matatagpuan sa Brgy. Sibut, San Jose City. (Kuha ni R. Bumanlag)

nag-aaral at gayundin sa kanilang bahay.

"Kung wala ang mga gatasan kong kalabaw, sobra-sobra ang hirap ng buhay namin," ani Ka Florencio. "Noon, *valedictorian* ako sa koop namin sa pagbale ng pera. Pero nang mag-umpisa na ako sa paggatas ng mga alaga kong kalabaw, noon na ako unti-unting nakapagbayad ng aking mga utang," dagdag niya.

Nagsimula nga ang lahat nang araw na iyon, na kasama ang iba pang magsasaka sa kanilang lugar, nang siya'y lumapit sa PCC. Iyon ang naging sagot sa ipinagdarasal niyang magaan buhay para sa kanya at kanyang pamilya.

Ngayon ay mayroon na siyang 17 gatasang kalabaw.

### Nakitang suwerte

Sinabini Ka Florencio na ang kinikita niyang Php16,000 sa pagtatanim ng palay noon ay kayang-kayang kitain sa loob lamang ng 15 araw sa pagbabagsak niya ng aning gatas sa PCC at EPMPC.

"Utang, bayad, utang ang inog ng buhay ko noon. Kasi naman ay apat na buwan ang paghihintay sa pag-aani ng palay na sumasapat nga lamang na pambayad sa pinagkakautangan," sabi

pa niya.

Nagsisibuyasan pa rin siya noon pagkatapos ng pag-aani ng tanim na palay. Pero sinabi niyang tinatamaan ng kalamidad ang kanyang pananim kaya't madalas na hindi rin nakababayad ng utang.

Buhat nang makita niya ang malaking kalamangan ng araw-araw na kita sa gatas kaysa sa pagtatanim ng palay at sibuyas, ang kanyang lupang sakahin ay ginamit na niyang taniman ng damong *napier* na siya niyang ipinapakain sa kanyang mga alagang kalabaw.

"Tinatawanan pa ako ng mga kapitbahay ko noon," sabi ni Ka Florencio, "Ang hindi nila alam nakita ko na ang swerte sa pag-aalaga ng kalabaw".

### Masayang bukas

Sa apat na taong paggagatas, nakalipat na ng bagong bahay ang pamilya ni Ka Florencio. Pati na ang kanilang mga alagang kalabaw ay nailipat na rin sa magandang lugar.

"Minabuti kong magpagawa ng bagong bahay sa bukid para sa mga kalabaw dahil marami na sila at balak ko pang magdagdag," banggit ni Ka

Florencio, "Dito, mas masaya ang mga kalabaw ko at siyempre pati na ang pamilya ko."

Bukod sa pag-aasikaso sa kanyang mga kalabaw na nais pa niyang dagdagan, nanunungkulan din si Ka Florencio ngayon bilang *vice chairman* ng EPMPC. Malaki na ang tiwala sa kanyang kakayahan ng kanyang mga kasamahan sa kanilang kooperatiba. Masasabi pa ngang siya'y matatag na haligi dahil isa siya sa mga orihinal na miyembro ng kanilang kooperatiba nang itatag ito noong 1992.

At, tungkol sa ani niyang gatas, wala nang nagdududa sa pagiging puro at de-kalidad nito.

"Bakit ko naman hahalan ng pandaraya ang ani kong gatas? Bukod sa ito'y dumaraan sa mabuting pagsusuri, ito ang susi ko sa tuluy-tuloy na pag-angat sa buhay," ani Ka Florencio.

Sa pagsisipag at pagsisikap, ani Ka Florencio, nagiging posible ang pagtatamo ng mga pangarap.

"Hindi kailangan ang paghahalo ng tubig para dumami ang aning gatas. Haluan ng katapatan at katausan sa gawain, naroroon ang sikreto ng tagumpay," pagbibigay-diin ni Ka Florencio.

# NIZ Balitaan

Inilalathala ng Philippine Carabao Center,  
isang ahensiyang nasa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura



Department of Agriculture  
**PHILIPPINE CARABAO CENTER**  
CERTIFIED ISO 9001 ISO 14001 OHSAS 18001

Rowena Galang-Bumanlag  
Patnugot

Paul John P. Villamor  
Tagapamahalang Patnugot

Ma. Theresa Sawit  
Jomel D. Somera  
Mga nag-ambag ng Artikulo

Ma. Cecilia C. Irang  
Chrissalyn L. Marcelo  
Khrizie Evert M. Padre  
Paul John P. Villamor  
Mga Manunulat

Chrissalyn L. Marcelo  
Tagapamahala ng Sirkulasyon/Layout

Eric P. Palacpac  
Wilma T. del Rosario  
Mga Tagapayo

Anselmo S. Roque  
Kasangguni

Arnel N. Del Barrio  
Pinunong Tagapagpaganap